

Mga Salitang Pamana: Ang Wikang Katutubo Bilang Tagapagdala ng Kultura at Kasaysayan

Lorena B. Tiana

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University,
R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000
Corresponding email: lorenabawi344@gmail.com*

Kapag narinig natin ang salitang “pamana,” karaniwang naiisip natin ang mga bagay na naiwan ng ating mga ninuno—lupa, bahay, alahas, larawan, o lumang kagamitan. Ngunit may isang uri ng pamana na hindi nahahawakan ngunit maaaring mawala sa isang henerasyon: ang wika.

Ang bawat katutubong wika ay naglalaman ng paraan ng pagtingin ng isang komunidad sa mundo. May mga salita para sa kapaligiran, relasyon, tradisyon, ritwal, pagkain, trabaho, at damdamin na maaaring walang eksaktong katumbas sa ibang wika. Dahil dito, ang pagkawala ng isang wika ay hindi lamang pagkawala ng paraan ng pagsasalita. Ito ay pagkawala ng isang natatanging paraan ng pag-unawa sa buhay.

Ipinaliwanag nina McCarty at Nicholas (2014) na ang language revitalization ay may malalim na ugnayan sa identity at community responsibility. Ang Indigenous language ay hindi lamang academic object na kailangang idokumento. Ito ay bahagi ng buhay ng mga taong gumagamit nito.

Mahalaga ang papel ng mga kuwento sa pagpapanatili ng ganitong pamana. Ayon kina McCarty at mga kasama (2018), ang language reclamation ay maaaring maunawaan bilang pagbabalik ng boses sa mga komunidad. Sa mga kuwento, awit, panalangin, salawikain, at oral traditions, hindi lamang impormasyon ang ipinapasa. Kasama rito ang values, memory, identity, at pananaw ng isang komunidad.

Gayunman, may mga puwersang maaaring magpahina sa intergenerational transmission. Kapag mas pinahalagahan ng paaralan, trabaho, media, o lipunan ang dominanteng wika, maaaring piliin ng mga magulang na gamitin ito sa kanilang mga anak. Ipinakita nina King, Fogle, at Logan-Terry (2008) na ang language practices sa pamilya ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng minority languages.

Hindi rin dapat isantabi ang teknolohiya. Sa halip na tingnan ito bilang dahilan ng language loss, maaari itong gawing instrumento ng revitalization. Ipinakita ni Meighan (2023) na maaaring gamitin ang technology-enabled community language planning upang suportahan ang Indigenous language acquisition at community participation. Ang isang batang hindi laging nakaririnig ng kanyang katutubong wika sa pisikal na komunidad ay maaaring makakita nito sa videos, digital dictionaries, podcasts, online classes, at social media.

Mahalaga rin ang papel ng pamilya. Natuklasan nina Hollebeke et al. (2023), sa isang malaking pag-aaral ng multilingual families, na may positibong ugnayan ang family language policy at pagsisikap na mapanatili ang heritage language. Ipinapakita nito na ang pagpapanatili ng wika ay hindi awtomatikong nangyayari. Kailangan itong piliin, gamitin, at suportahan.

Sa huli, ang mga salita ay mga sisidlan ng alaala. Sa tuwing ginagamit natin ang isang katutubong salita, binibigyan natin ng pagkakataong mabuhay muli ang isang bahagi ng ating kasaysayan. Kaya kung nais nating mapanatili ang kultura, hindi sapat na protektahan lamang ang mga lumang gusali at artifacts. Kailangan din nating protektahan ang mga salitang nagbibigay-buhay sa mga kuwentong nakapaloob sa mga ito.

References

- McCarty, T. L., & Nicholas, S. E. (2014). Reclaiming Indigenous languages: A reconsideration of the roles and responsibilities of schools. *Review of Research in Education*, 38(1), 106–136. <https://doi.org/10.3102/0091732X13507894>
- McCarty, T. L., Nicholas, S. E., Chew, K. A. B., & others. (2018). Hear our languages, hear our voices: Storywork as theory and praxis in Indigenous-language reclamation. *Daedalus*, 147(2), 160–172. https://doi.org/10.1162/DAED_a_00499
- King, K. A., Fogle, L., & Logan-Terry, A. (2008). Family language policy. *Language and Linguistics Compass*, 2(5), 907–922. <https://doi.org/10.1111/j.1749-818X.2008.00076.x>
- Meighan, P. J. (2023). “What is language for us?”: Community-based Anishinaabemowin language planning using TEK-nology. *Language Policy*, 22, 223–253. <https://doi.org/10.1007/s10993-023-09656-5>
- Hollebeke, I., Dekeyser, G. N. M., Cairra, T., Agirdag, O., & Struys, E. (2023). Cherishing the heritage language: Predictors of parental heritage language maintenance efforts. *International Journal of Bilingualism*, 27(6), 925–941. <https://doi.org/10.1177/13670069221132630>

ARTICLE DETAILS

PG-0000017; Received: February 22, 2026; Accepted: February 24, 2026; Published: February 26, 2026

CITATION:

Tiana, Lorena B. (2026). *Mga Salitang Pamana: Ang Wikang Katutubo Bilang Tagapagdala ng Kultura at Kasaysayan*. DOI: 10.64591/nkd53j14

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.